# OPERATION WALANG IWANAN WALANG HAWAAN

## #BayanihanKontraCOVID19

**gk1world.com/OWIWalangHawaan**



With the outpouring of care and support for **"Operation Walang Iwanan, Walang Hawaan"**, poor communities across the country are able to cope with the challenges brought by COVID-19. As of May 15, 2020, *Team GK* has assisted 4,060 families in 32 provinces.

Indeed, these trying times put our faith to the test. For the past two months, we have seen bayanihan blossoming in even the most challenged and vulnerable communities. The coronavirus activated our Kapitbahayans to nurture the culture of caring and sharing within and beyond their villages.

However, there are thousands more who are fighting for survival. They need our caring now more than ever. Let us work together to reach these 12,000 families.

**WALANG IWANAN, WALANG HAWAAN!**

> Wala po kaming smartphone para makatanggap ng donation galing sa GK. Buti nalang at buhay na buhay ang bayanihan sa aming komunidad. Sa tulong po ng aming KB President at iba pang Kapitbahayan ay naipaabot sa amin ang tulong at nakabili kami ng mga pangangailangan namin sa bahay. Lubos itong makatutulong sa aming pamilya dahil wala kaming ibang pinagkakakitaan liban na lang sa anak kong isang frontliner bilang security guard. Maraming salamat sa lahat lalo na sa mga donor. God bless GK!



Nanay Resurreccion Ubalde
63 years old
GK Ligao, Albay



Nanay Marjorie Bajado
GK Adlas, Silang, Cavite

> Dahil sa natanggap po namin ay nakabili ako ng gatas para sa aking 10-month-old baby. Apat po ang aming anak at sa ngayon ay hirap talaga kami dahil lockdown. Bago po dumating ang inyong tulong ay walang-wala talaga kami. Salamat po sa GK at sa aking mga Kapitbahayan na hindi kami pinapabayaan.

> Ngayong may krisis ay delata na lamang ang aming pinagsasaluhan na mula sa ayuda ng gobyerno. Bilang isang ina, ako ay nangangamba para sa kalusugan ng aking pamilya lalo sa aking anak na bagong panganak lang. Maraming salamat sa Gawad Kalinga at sa aking Kapitbahayan na nagmagandang loob upang maipalit namin ng pera ang inyong tulong. Sa pamamagitan po nito ay nakabili kami ng masusustansiyang pagkain."



Nanay Elvie Cantiga
GK Bulaklakan, Quezon City



Nanay Niña Andon
GK Detiki, Baler, Aurora

> Isa po kami sa mga katutubong pamilya na nabubuhay sa pagtatanim ng mga gulay sa bundok. Salamat po dahil kahit walang cellphone ang karamihan sa aming komunidad ay may mga tao pa rin pong naging tulay upang maipabot sa amin ang tulong.

> Salamat GK! Masaya at blessed ako sa ibinigay niyo. Excited akong sabihin kay mama pag-uwi niya galing trabaho na may natanggap kaming bigas para may maisaing at gatas para may mainom. Malaking tulong po sa amin ang mga ito.



Machim Strif Edolaverio
10 years old
GK Kabulakan, Sta. Catalina, Negros Oriental

/GawadKalinga @gawadkalinga @GawadKalingaHQ @gawadkalinga